# Simula Ngayon, "Ban" o Ipinagbabawal na an Pagbebenta ng Tabakong May Pampalasa sa San Francisco

### Ano ang Pagbabawal sa Pagbebenta ng Tabakong may Pampalasa (Flavored Tobacco Sales Ban)?

Ang "ban" ay nagbabawal sa mga lisenyadong tindero ng tinging tabako na magbenta ng produktong may panlasa o amoy tulad ng prutas, matamis, kendi, alkohol, "mint", "spice", o "mentol". Kabilang ngunit hindi limitado sa mga ipinagbabawal ang "smokeless/chew", sigarilyo, cigars, sigarilyos, "vape liquid" at "hookah tobacco".

### Kailan epektibo ang pagbabawal at paano ako makakapaghanda ngayon?

Ang pagbabawal ay nag-umpisa noong Hulyo 20, 2018. Huwag ng umorder at mag-imbak ngayon ng mga produktong tabako na may pampalasa upang maiwasan ang pagkalugi ng puhunan kapag ang mga alituntunin at regulasyon ay handa nang ipatupad.

### Tutulong ba sa mga tindero o nagtitingi ang Lungsod para sa pagpapatupad ng bagong batas?

Ang pagpapaalam at pagtuturo hinggil sa bagong batas ay magsisimula sa Setyembre, 2018. Sisimulahan ang pagsusuri kung tumutupad sa batas o "compliance check" at pagtama ng kamalian o "notice of correction" sa Oktubre 2018 kung may tabakong may pampalasa na makita.

### Kailan ipapatupad ng Lungsod ang bagong batas?

Magsisimulang ipatupad ang bagong batas sa Enero 2019 pagkatapos makuompleto ang mga Alintuntunin at Regulasyon. Iwasang masuspinde ang lisensya o "permit suspension" ng 365 na araw sa pamamagitan ng paghinto ng pagbebenta ng "flavored tobacco products" ngayon.

### Paano ko pananatilihin ang aking kaalaman?

Sa buong prosesong ito, manatiling nakakaalam sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website, **https://www.sfdph.org/dph/EH/Tobacco/ flavoredtobacco.asp.**

- Ang mga tindero o nagtitingi ay aanyayahang makipag-usap sa mga kawani ng Lungsod hinggil sa unti-unting paghinto ng pagbebenta ng mga produktong nakasaad, pangangailangang teknikal, at paano pagandahin ang karanasan ng tindero sa kanilang mga mamimili.
- Ang mga tindero o nagtitingi ay aanyayahang makipag-usap sa mga kawani ng Lungsod hinggil sa unti-unting paghinto ng pagbebenta ng mga produktong nakasaad, pangangailangang teknikal, at paano pagandahin ang karanasan ng tindero sa kanilang mga mamimili.
- Hinihikayat kayong magtanong at magbigay ng mga mungkahi gamit ang **San Francisco 311 sa (415) 701-2311 o https://sf311.org.**

**Mga halimbawa ng mga produkto ng tabako na bawal ng ibenta ngayon sa San Francisco:**




**Ang "Menthol" ay may maliwanag na lasa at amoy.**




**Ang "Sour Apple" ay lasang prutas; Ang "Mint" ay may maliwanag na lasa at amoy.**




**Ang mga "Cherry," "Nectar," "Melon," "Apple," "Raspberry," "Strawberry," "Berry" at "Fruit Medley" ay may mga lasang prutas; Ang "Crème Brulee" at "Vanilla" ay lasang kendi; Ang "Mint" at "Menthol" ay may maliwanag na lasa at aroma; Ang "Hawaiian Pod" ay may larawang nagpapahiwatig na naglalaman ito ng pampalasa maliban sa tabako.**



**Ibinebenta nang isa-isa o sa mga kaha; ipinagbabawal ang mga may pampalasa.**




**Ang mga "Strawberry," "White Grape," "Grape," "Peach" at "Blueberry" ay lasang prutas.**




**Ang "Berry" ay lasang prutas; ang mint ay may maliwanag na lasa at amoy.**




**Ang "Lemonade" ay inuming may lasang prutas; Ang mga "Raspberry," "Blueberry," "Orange," "Grape," "Cherry" at "Strawberry" ay may mga lasang prutas.**

*Ipinapakita ang mga larawan para sa mga layuning pang-edukasyon lamang.*

POPULATION HEALTH DIVISION
SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH

SAN FRANCISCO
Office of Economic and Workforce Development

Agosto 2018 V1